REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
CITY COUNCIL
Manila

JOINT COMMITTEE HEARING OF THE COMMITTEE ON ENVIRONMENTAL PROTECTION, ECOLOGICAL PRESERVATION, SANITATION AND ANIMAL WELFARE AND COMMITTEE ON WAYS AND MEANS HELD ON NOVEMBER 19, 2025

PRESENT:

COMMITTEE ON ENVIRONMENTAL PROTECTION, ECOLOGICAL PRESERVATION, SANITATION, AND ANIMAL WELFARE

HON. LOUISA MARIE J. QUINTOS-TAN	Chairman
HON. JULIANA RAE M. IBAY	Vice-Chairman
HON. ROBERTO S. ESPIRITU II	Member
HON. DARWIN B. SIA	Member
HON. DON JUAN A. BAGATSING	Member
HON. RAYMUNDO R. YUPANGCO	Majority Floor Leader, represented by Hon. Jaybee Hizon and Member, represented By Mr. Reynaldo Bayran

COMMITTEE ON WAYS AND MEANS

HON. DON JUAN A. BAGATSING	Chairman
HON. JAYBEE S. HIZON	Member and 1st Assistant Majority Floor Leader
HON. LOUISA MARIE J. QUINTOS-TAN	Member
HON. RAYMUNDO R. YUPANGCO	Member, represented by Mr. Reynaldo Bayran
HON. RAFAEL P. BORROMEO	Member, represented by Ms. Corrie Manimtim

GUESTS:

HON. TIMOTHY OLIVER I. ZARCAL	Councilor, 3rd District, Manila.
MR. RHOZZE ALTEZA	Office of Councilor Darwin B. Sia
DIR. KENNETH AMURAO	Officer-in-Charge, Department of Public Services (DPS)
MR. KING S. GONZALES	Representative, Manila Traffic and Parking Bureau (MTPB)
DIR. JOEY "TJ" HIZON III	Head, Market Administration Office
MR. JONATHAN GALORIO	OIC, City Accountant's Office
MR. RICHARD ZACARIAS	Representative, Bureau of Permits
MR. HARVEY EUGENIO	Representative, Bureau of Permits
MS. MICHELLE MALIT	Representative, Manila Barangay Bureau (MBB)
MR. MARCO ABAD	Representative, City Treasurer's Office (CTO)
MS. RAFAELLA BLANCA T. LUMANGSAD	Department of Public Services
MS. JOANNA MAE RICAFORT	Department of Public Services

ATTY. CATALINA TUMALIUAN	Representative, City Legal Office
MS. RUTH M. ALMODOVAR	Market Administration Office
MS. ANGELIQUE JOYCE BLANDO	Market Administration Office
MR. ANTHONY ESCUETA	Manila North Cemetery
MR. RICKY TABAS	Manila South Cemetery
MR. JULIO GALANG	Head, Malate Ermita Economic Development and Investment Promotion Office (MEEDIPO) Manila
MR. LORENZO "JING" LANGOMEZ	President, Manila Association of Club and Restaurant Operator, Inc.

Chairman L. TAN: "Good morning po. Let us all rise for the opening prayer to be led by Councilor, SK President Yanyan Ibay."

INVOCATION
(Led by Hon. Juliana Rae M. Ibay)

"Let us all mark ourselves with the sign of our salvation.

In the name of the Father, and of the Son, and of the Holy Spirit. Let us pray.

Lord, thank You for bringing us together today. As we go through this committee hearing, help us stay focused, open-minded, and respectful. Guide our conversation so we make choices that are fair and genuinely helpful to the people we serve. Give us patience, clarity, and steady heart. Bless everyone here and the work ahead. Amen.

In the name of the Father, and of the Son, and of the Holy Spirit. Amen."

OPENING OF THE HEARING

At 10:54 a.m., the Hon. Louisa Marie "Lady" J. Quintos-Tan, Chairman of the Committee on Environmental Protection, and Ecological Preservation, and Animal Welfare, called the hearing to order.

Chairman QUINTOS-TAN: "The Committee on Environmental Protection, Ecological Preservation, and Sanitation, and Animal Welfare is hereby called to order."

PLAYING OF THE NATIONAL ANTHEM

Chairman QUINTOS-TAN: "Puwede na po kayong maupo lahat. So, again, good morning po to everyone. Before we officially start in our items in today's committee hearing on Environmental Protection, I would like to acknowledge and recognize the presence of the members of...in the committee: our Vice-Chairman, Konsehal Juliana 'Yanyan' Rae Ibay; our Minority Floor Leader, Konsehal DJ Bagatsing; Konsehal Roberto 'Kabuddy' Espiritu; Konsehal Tol Zarcal is present as well in today's hearing, and our 1st Assistant Majority Floor Leader, Konsehal Jaybee Espiritu. He is also representing our Majority Floor Leader, Konsehal Mon Yupangco. So, we now have a quorum.

I'd like to acknowledge din the presence of all those invited guests natin. Sir Julio Galang, ang representative ng ating Head sa MEEDIPO. Sir Felix Espiritu, Sir, saan po si Sir Julio? Ayan. And then, I'd like to acknowledge the presence of Konsehal Awi Sia, also a member of the committee po. Representative po ng ating Councilor Che Borromeo is also here with us. Good morning po, Ma'am.

We have the representative from the MTPB, Manila Traffic and Parking Bureau, office of Hon. Dennis Viaje, and nandito po sa atin si Head ng DPS po natin, Department of Public Services, Mr. Kenneth Amurao. Good morning, Sir, and ang kaniyang mga angels na nasa likuran. We have our representative from the Bureau of Permits, headed by Ka Levi Facundo. Good morning po. Representative po natin from MBB, kay Hon. Joel Par. Good morning, Ma'am. And then, we have stakeholders po ng MACRO natin, Sir Lorenzo "Jing" Langomez, President po ng Manila Association of Club and Restaurants Operators, Incorporated.

We have also in today's hearing our representative from the Manila North Cemetery, headed by Sir Dandan Tan. The Manila South Cemetery headed by Hon. John Mark Mendez, representative po, nandito na rin. And also our Market Administration Office, nandiyan na po si Sir TJ Hizon, and ang representative po natin si Ma'am Ruth, Ms. Angelique and...Iyon po. And to the...May nakalimutan po ba ako? Si Sir Jonathan Galorio, City Accountants Office. Our representative from City Legal Office, Atty. Luch Gempis, good morning po. Wala na po, 'no? So, let us now go straight to the first item in our agenda for today in Item No. 5, Draft Ordinance No. 8982. Chairman, pabasa lang po ng ating title."

Mr. MACARAEG: (Reading)

"DRAFT ORDINANCE NO. 8982 - AN ORDINANCE IMPOSING A REVISED SCHEDULE OF GARBAGE COLLECTION FEES IN THE CITY OF MANILA, PROVIDING FOR THEIR COLLECTION, ADMINISTRATION, AND PENALTIES THEREFOR, AND FOR OTHER PURPOSES. Authored by Hon. Atty. Louisa Marie 'Lady' J. Quintos-Tan."

Chairman QUINTOS-TAN: "Thank you, Chairman Ryan. Lahat po ba may kopya ng Draft Ordinance 8982? Lahat po mayroon? Sir, wala po kayong kopya? Si Sir Jing at saka si Kon. Awi po, para lang po makasunod. So, Draft Ordinance No. 8982, principally authored by yours truly pero this is an administration measure.

So, ang administration measure po, sa kaalaman po ng lahat, it is a legal legislative proposal or ordinance introduced and indorsed by the Local Chief Executive, mainly the Executive Branch, intended to advance the Administration's priority programs and policies po. It is also initiated by the same branch to support and implement its key governance agenda. Ang aim po ng ordinansang ito is to strengthen the Waste Management System, ensure efficiency in the collection of fees, and promote cleaner and more sustainable city environment.

Kung matatandaan ninyo po, isa po sa mga unang pinasuyo or pinautos/instructions ng ating Chief Executive dito sa City Council ay ang pagpapasa po ng State of Calamity natin dahil po sa garbage crisis natin, if you can remember po. Iyon iyong sa unang-unang ipinasa natin. Hanggang sa kasalukuyan, we are initiating measures kung saan mapapangalagaan po natin iyong inumpisahan nating kaayusan pagdating po sa garbage crisis natin, and ito na po iyon.

Isa po sa mga steps ang pagtataas or revise ng existing garbage collection fees na makikita po sa existing Ordinance No. 8331, or the Omnibus Code of the City of Manila, which was passed 2013, effective 2014. So, kung makiki...ma...bibilangin ninyo po, 11 years ago po itong pagpasa ng mga fees na nakalahad po sa existing ordinansa na natin na marapat...minarapat po ng current administration na iangat naman po after 11 years ang mga rates po na kinukolekta ng siyudad quarterly.

So, to continue and to further discuss po the technicalities of this draft ordinance, may I call on the Department of Public Services, our Head, Dir. Kenneth Amurao; and then hand in hand po with City Treasurer's Office, our representative po, Sir Marco, representing Atty. Paul Vega. So, Sir, before po you ano, state your name lang po and your designation lang po para po sa minutes po natin, designation."

Dir. AMURAO: "Hello. Hello. Good morning everyone. I am Dir. Kenneth Amurao from the Department of Public Services. Una po sa lahat, I would like to show our support dito po sa ordinansa na pinu-propose po ng ating Committee on Environment and Committee on Ways and Means. Kasi po, isa po sa pangunahing misyon po ng atin pong Kagalang-galang na Mayor Francisco 'Isko' Moreno ay ang pagpapanatili po ng kalinisan at kaayusan po sa atin pong Lungsod sa Maynila. At base po rin doon sa ating mga previous data na tiningnan, isa rin po sa nakita namin sa aming hanay po na medyo malaki na rin po ang ini...ina-allot na budget po ng ating Siyudad sa pangungulekta po ng basura. Hindi pa po kasama diyan iyong bago pong order na aming natanggap noong buwan ng Agosto sa National agency po na MMDA na kami po ay...tayo po ay binigyan nila ng kautusan o instruction na mag-adjust po o magkaroon po ng pagpapalit sa aming budget noong buwan ng Agosto.

Ito po ay sa kadahilanan ng pagsasara ng atin pong nakagawiang sanitary landfill sa Navotas. From Manila Transfer Station to Navotas, ngayon po ay ibinibiyahe natin by land papunta pong San Mateo, Rizal. At ito po ay nag-incur po sa aming departamento ng panibagong gastusin. Kaya po kami po ay nandito ngayong umaga, ako po in particular, representing our department, na kami po ay sumasang-ayon po at full support sa ordinansa pong inihain ngayong umaga. Iyon lang po."

Chairman QUINTOS-TAN: "Thank you, Dir. Kenneth Amurao. Sige, Sir, anuhin po natin iyong next po. Sir Marco from the City Treasurer's Office."

Mr. ABAD: "Good morning. I am Marco Abad from the City Treasurer's Office. Kami po ay, kagaya po ng sinabi ni Dir. Amurao po, we are supporting, fully supporting this draft ordinance po or this ordinance that we are making right now. Kagaya po ng sinabi ni Dir. Amurao po, because of the utos sa kanila po na napalayo iyong ating transportation ng hauling ng garbage po natin, nag-incur po ng additional expense on their part po.

This increase na makukuha po natin by the adjustment of fees po, matutugunan po namin iyong...matutugunan po ng City iyong additional expenditure na mai-incur po doon kay DPS po. Again po, for the City Treasurer's Office po, we are fully supporting this ordinance po. Thank you."

Chairman QUINTOS-TAN: "Sir, diyan lang po kayo, mayroong katanungan po iyong isang kasamahan natin. I'd like to recognize Konsehal Atty. Jaybee Hizon."

Member HIZON: "Thank you very much po. Tanong ko lang po, iyong rates po natin na i-impose ngayon, compliant naman po ba siya doon sa memorandum circular noong Bureau of Local Government Finance, iyong allowable lang na 10% variance from the actual cost to the fees that is being collected po?"

Mr. ABAD: "Yes, Sir, compliant po tayo doon base po doon sa ibinigay po ng local."

Member HIZON: "Ginamit po natin iyong tool kit para i-compare iyong comparison, pasok po tayo doon sa 10% variance po? Kasi ang ayaw po naming mangyari, baka mamaya po magpasa po tayo ng revenue measure, tapos iri-reject lang ng Bureau of Local Government Finance, but nakasakit na tayo ng paa po for passing. Para, at least po, bago po ito ipasa, we can assure the public that this is compliant with the memorandum circulars po ng Bureau of Local Government Finance."

Mr. ABAD: "Yes, Sir, we are compliant with that po."

Chairman QUINTOS-TAN: "Atty. Jaybee. We would like to also hear from the Office of the City Accountant, Sir Jonathan Galorio."

Mr. GALORIO: "Yes. Good morning po. Magandang umaga po. Jonathan R. Galorio po, Officer-in-Charge, Office of the City Accountant. Ang opisina po namin ay 100% na sumusuporta sa ating draft ordinance po. It's about time na po siguro. It's been a while po, kasi 2013 pa po iyong huling ano natin, iyong huling Omnibus Code. Ako po ay masaya kasi po nabibigyan po ng pansin. Sana po, Ma'am, ma-revisit natin iyong buong ano, buong Omnibus Code. Ayun lang po. Thank you, Ma'am."

SUSPENSION OF THE HEARING

Chairman QUINTOS-TAN: "Thank you, Sir. Jonathan. Mayroon po bang katanungan from the rest of the Members sa ating draft ordinance? One-minute recess is declared by the Chair."

It was 11:09 a.m.

RESUMPTION OF THE HEARING

At 11:19 a.m., the hearing was resumed.

Chairman QUINTOS-TAN: "Hearing resumed."

Member HIZON: "Madam Chair, okay lang po ba? May itatanong pa ulit ako sa...."

Chairman QUINTOS-TAN: "Yes. Konsehal Atty. Jaybee Hizon, you are recognized."

Member HIZON: "Kung sino lang po iyong makakasagot. Mayroon po ba tayong data kung magkano po iyong current na nakukulekta po, or at least...or any comparative? Iyong current po ng nakukolekta ng City from the business owners po regarding the...or actually, pangkalahatan na po, regarding the collection for garbage collection po?"

Chairman QUINTOS-TAN: "City Treasurer's Office, Sir Marco Abad po, you are recognized."

Mr. ABAD: "Thank you. I have here with me po a study of...iyong actual collections po natin. Starting po 2021 po, we collected ₱109,386,164.67. For the Year 2022 po, we have ₱110,200,762.05 po. For Year 2023 po, we have collected ₱127,126,400.06. And for 2024 po, we do...we collected one hundred twenty-six thousand—sorry—₱126,981,317.29 po. Currently po for 2025 po, I have a data po. Total actual collection po for garbage—sorry—from January to November 16 po of 2025, we have collected ₱123,416,915.90 po."

Member HIZON: "Okay po. Thank you very much po. So, One Hundred plus Million pa lang ang nakukolekta po ng City. Sir Kenneth, may itatanong lang po ako, if you know lang naman po. At least currently po, do we have an amount po kung magkano po iyong collection...iyong rate po natin sa private contractor natin pagdating po sa basura? Kung magkano po iyong rate po for the Year 2025?"

Mr. AMURAO: "Your Honor, hindi ko po...hindi ko po dala pero roughly po, by average, it's around ₱800,000,000.00 po isang taon. Eight Hundred Million plus."

Member HIZON: "Eight Hundred Million po for the garbage collection for the City?"

Mr. AMURAO: "Opo. Iyan po iyong ating daily house-to-house collection. At kung babalikan ko po iyong sinabi ko kanina na last August po, through the directive of MMDA, dahil nga po nagpalit ng...ng tapunan tayo from Navotas landfill to San Mateo, tayo po...ang City po ay nag-incur po ng additional for next year, another ₱500,000,000.00 po, just to cover iyong expenses from Manila Transfer Station papunta po ng San Mateo landfill."

Member HIZON: "Okay po. So, kahit rough na math lang po, parang ang lumalabas po, ang magiging gastos po ng Lungsod ng Maynila sa collection pa lang po ng basura at including po iyong bagong expense sa pag-transfer mo nito sa San Mateo landfill, is it around ₱1.3 Billion? Tama po kayo?"

Mr. AMURAO: "Tama po, Your Honor."

Member HIZON: "Opo. So, based po sa collection natin ng 2025 na one hundred twenty-three, sabihin natin...project na natin magiging ₱150,000,000.00 ito, kapag nakakolekta pa tayo this December, ang deficit po natin is ₱1.1 Billion po sa...dito pa lang sa rough na math na ito. Parang ₱1.1 Billion po ang kulang ng City po sa nakukolekta sa fees versus iyong actual po natin na binabayaran."

Mr. AMURAO: "Opo. Opo."

Member HIZON: "Opo. Iyon lang po. Thank you po, Director, Madam Chair."

Chairman QUINTOS-TAN: "Thank you, Director Amurao."

Member HIZON: "Opo."

Chairman QUINTOS-TAN: "Atty. Jaybee."

Member HIZON: "Masakit...Masakit pala po sa bulsa itong issue po doon sa garbage collection. We have a deficit of ₱1.1 Billion pagdating po sa fees collected. And while I'm very much aware that garbage collection is a service that needs to be provided by the City, I do not think that a ₱1.1 Billion deficit is acceptable for anyone na...to be swallowed by the City. Parang sobrang layo po ng variance ng ating garbage collection compared to what we are collecting po.

So, I believe, this is a justification po for this ordinance na...While I understand na masakit po sa ating mga residente...sa ating mga business owners na magtataas po tayo, we need to face the facts po na, I believe, it has been 10 years po since the last time na nagtaas po ng collection ang City. And there are new factors po at play right now, including the forced use of the San Mateo landfill unlike before, kaya po mababa...I believe, kaya mababa ang koleksyon natin dati, pinapadala lang sa Navotas, tapos bina-barge na galing doon.

So, we do not need to swallow iyong expense po of hauling it from the City of Manila to the dump site dahil ang lapit lang ng Navotas, kapitbahay lang natin. Unlike now, nakikita ko rin po iyan, actually, personally na iyong mga dump truck natin dumadaan ng Q. Ave. papunta ng ganoon, doon pa iyong ruta nila. So, ayun po, Madam Chair, I believe, this clearly illustrates the issue at hand and the possible solution that's...this has presented before this ordinance. Iyon lang po, Madam Chair."

Chairman QUINTOS-TAN: "Thank you, Konsehal Atty. Jaybee Hizon. Maybe we can hear from also in today's hearing po, joint committee hearing po siya with the Committee on Ways and Means. I'd like to hear from the Chairman of Committee on Ways and Means, Minority Floor Leader, Konsehal DJ Bagatsing."

Chairman BAGATSING: "Administrative measure, we support. Iyon lang iyon."

Chairman QUINTOS-TAN: "And then let's move forward to...maybe a representative from the Bureau of Permits po regarding lang po sa draft ordinance po natin. Again po, state your name and your designation po from the office."

Mr. EUGENIO: "Good morning, I'm Harvey Eugenio, the head of the E-BOSS from the Bureau of Permits. Our office significkies...signifies 100% support to the draft ordinance. Thank you."

Chairman QUINTOS-TAN: "Thank you, Sir. And then we'd like to call on si President Jing from the Manila Association of Club and Restaurant Operators, Inc."

Mr. LANGOMEZ: "Isang magandang umaga po sa inyong lahat. Question lang po, ano, Honorable Council. Iyon po sa increase sa amin ng night clubs and restaurant, if I am not mistaken, two thousand lang po ang dating binabayad namin. Ngayon, it will become...sa proposed n'yo is twelve thousand. So, it will be an increase of 500%. For your information po ngayon, ang Ermita-Malate, medyo hindi po maganda ang ekonomiya. Alam po natin na there was a tremendous decrease of tourists coming in. At kung medyo lalakihan pa natin itong garbage natin, baka naman pwede po itong sector naming, mabigyan naman ng konting konsiderasyon or puwede natin gawing staggered within two years, kung pupuwede lang. Thank."

Chairman QUINTOS-TAN: "Pres. Jing, I'd like to hear po from the Department of Public Services, Director Amurao."

Dir. AMURAO: "Sir, good morning po. Mabuti po nai-raise n'yo na po iyong tanong na iyon. Kasi po, ako, niri-review ko din po itong proposal ng atin pong mga Committee on Environment 'tsaka Ways and Means. Tinitingnan ko din po iyong inyong sinabi na base po sa inyong data. Previously, kayo po ay nagbabayad ng ₱2,000.00 per year. D-in-ivide ko po iyan sa 365 days which is...alam naman po natin siguro, ngayon po, kami po ay matangos ang ilong na nagsasabi na araw-araw po namin kinukolekta. That is only ₱5.00 po per day. Kung titignan po natin...We understand po iyong sinasabi n'yo, iyong request n'yo.

Ako lang po, gusto ko lang pong ilagay sa tamang konteksto na iyong ₱5.00 per day. And I think po, the Mayor, kami po sa DPS na nagha-handle po n'ong waste management ng City, we will see to it na tututukan po natin ang ating contractor na everyday po ikutan kayong lahat, kolektahan. Collect all po ang ating commitment. Kaya lang po, doon po sa ₱5.00 per day, parang kitang-kita po iyong disadvantage po para po sa mga bayarin po ng City when it comes to waste management."

Mr. LANGOMEZ: "Palagay ko, okay po sana iyong five pesos. Since time immemorial, two thousand...five thousand na iyan. Ang nagiging problema natin, I'll be honest with you, iyong collection, medyo kahit sinong umupo, walang timely collection, walang tamang oras. It's not...'though it's out of order dito sa pinag-uusapan natin."

Mr. AMURAO: "Opo."

Mr. LANGOMEZ: "Okay lang sana magbayad ka ₱12,000.00, ₱15,000.00, eh, as long na iyong ano natin, ma-improve lang iyong service. Forgive me if kung medyo out of order ako, ha. I think, I'll take advantage. Five Thousand Pesos, siyempre, mura lang iyan. Pero ang problema lang nga iyong service ang inaano rito. Just again ₱2,000.00 against ₱12,000.00, 500% iyan, baka mabigla. Iyon lang naman sa akin doon."

Dir. AMURAO: "Opo. Sir, kaya nga po ito po nakatayo po kami sa inyong harapan kasi po ang pinag-uusapan po natin kasi na...na nagdyi-generate po na payment at income po ng department, kasama na rin po iyong ating mga household at business establishment, hindi po kasi...hindi po kasi lahat covered po n'ong area n'ong contractor natin. Katulad po ng mga malalaking establishment, ang binabayad lang po nila ay iyong kanilang regular average na waste. Pero marami po kasing establishment ay isa po sa contributor po, nag-aano sila waste generator po sila. Katulad ho ng mga hotels, iyong kanila pong rate kung susumahin po natin, rate lang po n'ong garbage nila for their daily operation office, office waste. Pero 'pag sinama na po iyong sa business side nila, iyong kanila pong mga...iyong kanila pong mga guest na isa po sa kanilang major contributor po ng basura, lumalabas po talaga na iyong rate nila per day is disadvantageous po sa City.

Pero po iyong...kung ang binabanggit ninyo po na iyong initial impact ay balik po tayo sa una ninyong request, Sir, ha, iyong initial impact na baka puwede pong i-consider ng Council na on a staggered basis, it's up to the committee to decide on that, Sir. Pero kami lang po, sinasabi po namin na we take pride on our duties and responsibility na compared po sa inabutan naming iyong basura po nasa kalsada. Ngayon po, we see to it po na halos everyday mayroon pong mga areas na twice a day collection. At tinatanggap naman po namin na hindi po perpekto ang trabaho natin per day pero we have still a lot of room for improvement po."

Pres. LANGOMEZ: "Okay. Siguro po nasa ating committee na kung kami po'y mapagbibigyan."

Chairman QUINTOS-TAN: "Yes."

Dir. AMURAO: "Opo. Opo."

Chairman QUINTOS-TAN: "Thank you, Dir. Kenneth...."

Pres. LANGOMEZ: "Maraming salamat po."

Chairman QUINTOS-TAN:"...and President Jing."

Dir. AMURAO: "Salamat po. Salamat po."

Chairman L. TAN: "Opo. We take into consideration po iyong plight po ng...ng club operators...nightclub. Iyon, tama po. We take into consideration na iyong hinihingi n'yo po if ever po is staggered iyong payments para din po hindi bigla iyong pag-change sa phase. Tama po, 'di ba, Sir? 'Di ba, Pres.? Opo. So, we take into consideration, the committee will convene again regarding that. And we'll suggest it po since this measure po, again, let me reiterate, this is an administration measure, so, coming from the Executive Department po or Executive Branch. Kami naman po sa City Council, we are conducting a committee hearings/public hearings to hear the sides of all the parties sa pagpasa po ng mga ordinansa. Maganda po iyong ibinigay n'yo pong insight po and the plea regarding po dito sa ordinansang ito. So, we'll take it heavily into consideration po."

Pres. LANGOMEZ: "Okay, thank you very much po."

Chairman QUINTOS-TAN: "I would like to recognize, Konsehal Roberto 'Kabuddy' Espiritu po."

Member ESPIRITU: "Thank you, Madam Chair. Nais ko lang pong ano, sabihin na tama po iyong binanggit po noong ating stakeholder na si President Jing Langomez, na right now po, iyong Ermita-Malate area ay bagsak na bagsak po talaga iyong negosyo. That's why we created a MEEDIPO para po muling mapalakas iyong area, kaya baka mabigla po. Pero sa katulad ng sabi ng ating director ng DPS, if we will compute it na iyong current rate na binabayaran nila na ₱2,000.00 would be ₱5.00 per day. Kung ito pong...mapapasa po itong...itong ordinansang ito, iyong ₱12,000.00 would be around ₱32.00 per day. Basta po...Basta po maayos ang koleksyon, malinis ang lugar, naniniwala rin po kasi ako na para mapalakas natin iyong Ermita at Malate area, kailangan po laging malinis itong lugar na ito.

So, sa tingin ko naman po, iyong ₱32...₱32.00 a day, which would be around 20 something na increase a day, siguro naman po ay makatarungan, considering na itong ginagamit natin ngayon na...is 2013 pa po. So, it follows na hindi pa po tayo nag-i-increase for 12 years, eh, nakikita ko naman po na napakagaling naman po ng pag...iyong DPS at ng ating contractor sa paglilinis ng Maynila. Kaya kung maaari lang po...kung maaari na iyong niri-request ng Ermita-Malate na unti-unti ang increase pero sa tingin ko po nararapat na nai-increase talaga para maiayos natin iyong collection ng ating basura. Iyon lamang po, maraming salamat po."

Chairman QUINTOS-TAN: "Thank you, Konsehal Bobby Espiritu. President Jing po, may habol po kayo?"

Pres. LANGOMEZ: "Ma'am, sorry po uli, ha. Ma'am, for information, ang amin pong hanay, mayroon pong maliit at malaki at saka hindi naman po kami malaking garbage contributor. At karamihan po n'ong mga ano namin nari-recycle pa po. Ang plastic, nari-recyle. Ang bote, nari-recycle. Ang ibang basura, nari-recycle. Iyong sa amin, kung mapagbigyan ninyo po kami, maraming salamat po. Iyon lang po naman."

Chairman QUINTOS-TAN: "Sige po, President Jing. Thank you po. Again, we'll take it into the...it will entail sa committee report po na iyong hinihingi n'yo po ay sana mapagbigyan po. Other any...Other ano po, stakeholders or...Konsehal Atty. Jaybee Hizon, you are recognized."

Member HIZON: "Tanong ko lang po, ano. At least po para sa may clarity, at least po sa Treasurer na lang po natin siguro, kung ano po iyong pagkaka-iba ng nightclubs versus cocktail lounges, bars, beer gardens, and discos? Para lang po ano kasi, I believe, one of the purposes din po kaya po natin ito pinapasang batas na po is to avoid corruption. We are making distinct classifications po pagdating po sa mga type of businesses that we cover. Baka po kasi mayroong...Baka po magkaroon ng confusion like a nightclub can say, 'No, I'm not a nightclub. Bukas ako sa gabi but I'm really a cocktail lounge,' which will entail a lower fee ground para lang po...o baka...maybe sa business permit po siguro iyan. I don't know kung sino po iyong proper na department po to address this. Iyon lang po.

Opo. Kasi dito sa ano, eh, iyong Letter A, at saka iyong Letter C, actually, pati iyong Letter D, tapos music lounge because iyong iba po diyan, colloquial. We will call a nightclub pero ang nakalagay sa labas nila, it's a KTV. So, technically, it's a music lounge. There are two different fee...fee brackets in those two businesses para lang po magkaroon tayo ng clarification po. Iyon lang po, Madam Chair."

Chairman QUINTOS-TAN: "Thank you, Konsehal Jaybee. Sir Marco from City Treasurer's Office."

Mr. ABAD: "Thank you po, Your Honor. It could be better po if mapapasagot po natin si Bureau of Permits as to our ano po, sila po ang authorized office po or sila po iyong may jurisdiction as to the how they classify each and every business establishments po properly po."

Chairman QUINTOS-TAN: "Okay. Thank you, Sir Marco. Bureau of Permits po."

Mr. ZACARIAS: "Good morning, Madam Chair, Members of the Committee, and everyone else in attendance. Well, thank you Mr. Marco for that 'no. So, if I may answer iyong question of the Honorable City Councilor po regarding doon sa definition of terms. Sir, iyon pong ano sa nakalagay po dito sa proposed ordinance and also dito sa ating existing Ordinance 8331, which is presently in effect, Iyon pong sa nightclubs and day clubs, we must admit...I must admit, 'no, on behalf of the Bureau of Permits po, ito po ay parang, in our opinion, obsolete term na po, eh. Kasi in actual practice po, wala na po tayong kinu-consider na mga nightclubs, day clubs by category. Iyon pong nightclubs, if I remember personally, 'no, iyan po ay naging popular during the 60's and until the 70's, nagkaroon na nga po tayo ng tinatawag na mga discos, iyong mga ganoon po. Ito po sa day clubs, we presume that this refers to those operating during the daytime as opposed dito sa nightclubs which operate during the night.

Ngayon po, with regard po doon sa definition ng sing-along and aurant, ito po ay nasa ating Ordinansa, iyong present Ordinansa 8331, if I be allowed to read it, Sir. It says here, '*Sing-along and restaurant - is a* or serving establishment where customers are entertained ive musical bands and laser/video equipment; where customers can sing and nce with their bring-in partner.'

Ang definition naman po ng '*Music Lounge and Restaurant – An* stablishment serving food, liquor, and beverages, equipped with laser disc and deokes all designated principally to entertain guests; where guest relations fficers who provide musical accompaniment also act as song guider and food coordinator to the guests and their families.' So, ito po iyong difference ng dalawang categories pong ito."

Member HIZON: "Okay, so..."

Chairman QUINTOS-TAN: "Thank you. Attorney Jaybee Hizon."

Member HIZON: "Thank you very much po, Madam Chair. So, Madam Chair, technically po, 'no, since iyon nga po, the term, '*nightclub*' is obsolete, more or less, kasi po, this is a prohibited business. Ang actually ma-apply lang natin dito is the rates for...I mean, let's call spade a spade. Diyan naman po sa Mabini, lahat iyan mga KTV naman ang mga...mga nakalagay na...registered nila as business. It just so happened that the people serving are very pleasant. Iyon na lang iyong gamitin natin na term. But then, their...their classification is music lounges, parang ganoon lalabas, or cocktail bars, ganyan. So, iyong mag-a-apply na rate talaga, in realities, na ₱12,000.00, parang ganoon po ang lalabas. And kung ma-apply po itong ordinansa na ito, tama po ba iyong interpretation ko rito?"

Mr. ZACARIAS: "Ah, yes, Sir."

Member HIZON: "Okay. Iyon lang po, Madam Chair. Thank you very much."

Chairman QUINTOS-TAN: "Thank you, Councilor Atty. Jaybee Hizon. Thank you po, Sir."

Mr. ZACARIAS: "Thank you po, Madam."

Chairman QUINTOS-TAN: "Maybe we could hear po from the City Legal Office po, Ma'am. Kung mayroon po kayong insight po regarding our Draft Ordinance po. Again, Ma'am, name n'yo po and the designation po before you speak po. Thank you."

Atty. TUMALIUAN: "Good morning, Your Honors. I'm Atty. Catalina L. Tumaliuan, representing Atty. Luch Gempis from City Legal Office, Manila. Ah, Sir...Your Honors, with respect to DPS, I know that this draft ordinance relates to our waste ecological management, Sir. And this is actually an amendment for the increase of the...May we know...Although the City Legal is

limited on laws, rules, and regulations, and there's a compliance with the proposed ordinance...Now, may we know, Sir, if do we have data of how effective the material segregation within the period of 2013 up to the present?"

Chairman QUINTOS-TAN: "Attorney, if you could speak louder lang po, Ma'am. Thank you."

Atty. TUMALIUAN: "Ah, sorry, Your Honor. With respect to the segre...the how effective is the segregation material facilities that we implement, can we have a data from the Barangay Bureau? Because I do understand that there is sorting, recycling, etc., with respect to the waste materials that we can use in order to help also the City lessen now the use of landfills and the transportation. That's all, Sir, Your Honor."

Chairman QUINTOS-TAN: "Thank you, Pañera. Director...Thank you po. Dir. Kenneth Amurao, if you could answer po the inquiry po from City Legal Office by Atty. Cabrera."

Dir. AMURAO: "Ma'am, opo. Give us time po, ipi-prepare po natin. Ano po, Ma'am, iyong hinihingi n'yo? From what year?"

Atty. TUMALIUAN: "A 10-year period, Sir...."

Dir. AMURAO: "Opo."

Atty. TUMALIUAN:"...from 2014 and up to the present."

Dir. AMURAO: "Opo, Ma'am. Actually, to inform po iyong ating pong board, actually we're about to...to defend our updated 10-Year Solid Waste Management Plan next Monday. Mayroon po tayong nagawa, Year 2015, which expired po ngayong 2025. So, the National Solid Waste Board Commission is requiring the City of Manila to submit a new 10-Year Solid Waste Management Plan, kasama po, Ma'am, doon iyong hinihingi n'yo. Sige po. Isa-submit po namin sa inyo."

Chairman QUINTOS-TAN: "Thank you, Dir. Kenneth. I'd like to add lang po na sa Section 6 po ng Draft Ordinance natin, isa sa mga amend...administrative provisions as to why this ordinance is being passed is in line po sa 10-Year Solid Waste Management Plan na i-integrate po ng lungsod at i-implement po sa...within the next 10 years. Kagaya po noong sinabi ni Dir. Kenneth, na kaka-expire lamang po noong previous 10-Year Solid Waste Management Plan. Are there any more stakeholders or representatives from the offices who'd like to share their insights?

Kung wala na po, let me wrap up lang po iyong mga pinag-usapan natin in today's committee hearing with regard to...Before I conclude, I would like to recognize Minority Floor Leader, the Chairman on Committee on Ways and Means, Konsehal DJ Bagatsing."

Chairman BAGATSING: "Thank you, Madam Chair. Sa Committee on Ways and Means, 'no, especially po doon sa business community, kay Honorable President Langomez, rest assured po kayo, tataas iyan talaga pero makikita ninyo naman, may bagong gobyerno na sa Maynila. Nagsalita si

Dir. Amurao, parang nagsalita na rin si 'Yorme' Isko Moreno niyan. At siyempre, 'pag malinis ang lungsod, tataas ang negosyo, at ang mga...ang investment, 'tsaka investor, papasok, ang negosyo, uunlad. Maybe sa start, medyo mabigat pero makikita mo iyong effect niyan, dahil hindi papayag si 'Yorme' na madumi ang Maynila. Kaya nawala iyong...Bumagsak iyong negosyo dahil iyong previous administration, talagang pinabayaan iyong lungsod natin.

So, rest assured lang kayo, kung mayroon man dito na puwede mag-ano, ako na lang mag-assure sa inyo. Huwag kayong mag-alala at gagan...giginhawa ang negosyo.

But we have to bite the bullet and take this ano, dahil nga iyong unang entrada pa lang ni 'Yorme', garbage crisis. 'Di ba, nakita n'yo? Tapos, 12 years tayo hindi nagtaas. Sometimes we have to take steps to improve situations, and this is one of them po. And nag-assure naman si Dir. Amurao, 'di ba, na he takes pride in DPS and we do, because our leader si 'Yorme.' He won't allow us to...won't allow the City to be complacent, 'di ba? So, iyon lang po. I just want to say, as Chairman of Ways and Means, na we have to support this, even though siyempre, increases and increases...Nobody likes increases in levies and taxes pero sometimes, it's necessary po. Iyon lang po iyong sa akin. Thank you, Madam Chair. With that, I yield back."

Chairman QUINTOS-TAN: "Thank you, Konsehal DJ Bagatsing. I would like to recognize Konsehal Atty. Jaybee Hizon po."

Member HIZON: "Ah, Madam Chair, I would just like to point out po, under Section 7, Letter C, mayroon po tayo dito. All establishment covered by this ordinance are required to practice proper waste segregation at source in accordance with Republic Act No. 9003.

The City Government through the City General Services Office...Maybe we should change that to the Department of Public Services po kasi iyon po, sila po iyong actual na implementer po natin pagdating po sa...sa waste segregation and garbage disposal. Iyon lang po, Madam Chair."

ADJOURNMENT OF THE HEARING

Chairman QUINTOS-TAN: "Ah, well noted po ang change natin sa Section 7 in the Draft Ordinance 8982. So, if wala na po, I'd like to wrap up and conclude that this administration measure in the revision of the collection of garbage fees in the City of Manila is inevitable, and it is timely po, considering the surrounding circumstances po na nadatnan na po ng lungsod dito sa pagpasok ng new administration. As to just briefly reiterate, the proposed adjustment aims to enhance the city's waste management capacity, improve the service delivery, and enhance the living conditions of all the Manileños po dito na nakatira sa Lungsod ng Maynila.

The amendment is also timely, considering the directive coming from the MMDA and the recent change ng landfill natin from Navotas magiging...mapupunta na po sa San Mateo, Rizal. So, the transportation and the

hauling cost of the City is also an added factor dito po sa pag-revised natin ng mga garbage collection fees. With that, in addition to Item No. 1 in today's agenda is hereby concluded the necessary committee report will be given out by the committee, so, conclusion po sa No. 1.

Punta na po tayo sa second item sa agenda, Draft Ordinance No. 8976. Unfortunately po, the principal author has the...reached out to us earlier at hindi po siya makakaabot sa Item. So, I would like to defer the hearing of, sa second item in the agenda. So, the Committee on Environmental Protection, Ecological Preservation, Sanitation, Animal Welfare is hereby adjourned.

It was 11:51 a.m.

CERTIFICATION

We hereby certify, to the best of our knowledge and hearing ability, that the foregoing minutes is a true and accurate transcription of the notes taken from the proceedings of the Joint Committee Hearing of the Committees on Environmnetal Protection, Ecological Preservation, Sanitation and Animal Welfare and Ways and Means, City Council, Manila, held on November 19, 2025.

TRANSCRIBED BY:

MARK DEZIR I. ABUSMAN

MARITES G. DAPAL

LOURDES P. SIMBULAN

IMELDA M. RUIDERA

NELIA D.G. CABANILLA

JEFFERSON G. MENDEZ

MAGDALENA D. CABATO

VERIFIED/CORRECTED BY:

ANGELITA S. PASCUAL

PROOFREAD BY:

GINA M. SALGADO

JESSIE JAIME E. BAUTISTA

REVIEWED/FINAL CORRECTIONS BY:

ARSENIA F. AGULTO
Chief Administrative Officer
Journal and Minutes Division